CALIFORNIA IMMIGRANT POLICY CENTER

April 2020

PATNUBAY NA MAPAGKUKUNAN UKOL SA COVID-19 PARA SA MGA IMIGRANTE SA CALIFORNIA

Alam namin na ang ilan sa sumusunod na mga mapagkukunan ay maaaring hindi magagamit ng lahat, depende sa iyong katayuan sa imigrasyon. Ang CIPC ay aktibong nagtataguyod para sa ating estado upang agarang isulong ang mga patakaran na nagtitiyak na ***lahat*** ng ating mga komunidad ay suportado sa mapanghamong panahon na ito.

Ano ang Gagawin kung sa Tingin Mo Ikaw ay May Sakit

Maaaring nalantad ka sa COVID-19 kung ikaw ay bumiyahe sa isang apektadong bansa sa loob ng 14 na araw o kung ikaw ay may malapit na pakikipag-ugnayan sa isang taong kumpirmadong may COVID-19. Kabilang sa mga sintomas ng Coronavirus ang pakiramdam na ikaw ay may lagnat, bago at tuyong ubo, at hirap sa paghinga. Kung ikaw ay may mga sintomas at pagkalantad na angkop sa paglalarawan na ito, mangyaring tingnan ang mga tagubilin sa ibaba. Mayroong limitadong bilang ng mga pagsusuri na magagamit, kaya tanging ang mga may malubhang mga sintomas at mataas na panganib ang susuriin.

Kung Mayroon Kang Seguro sa Kalusugan

- Tumawag sa tanggapan ng iyong doktor at ilarawan ang iyong mga sintomas. Huwag pumunta sa tanggapan ng iyong doktor nang hindi muna tumatawag
- Kung matukoy ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan kang suriin, sundin ang kanilang mga tagubilin kung paano magpatuloy, na nag-iiba depende kung saan ka nakatira
- Sasaklawin ng Medi-Cal, Medicare, at karamihan sa pribadong seguro sa California ang pagsusuri nang libre

Kung Wala Kang Seguro sa Kalusugan

- Tumawag sa iyong lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan (hanapin ang iyo rito) at ilarawan ang iyong mga sintomas. Huwag pumunta nang hindi muna tumatawag
- Kung hindi sila sumasagot o masyadong maraming iniintindi, tumawag sa isang lokal na klinika sa komunidad (humanap ng isa rito) o sa iyong lokal na ospital upang tingnan kung maaari silang mag-alok ng pagsusuri sa COVID-19
- Kung natukoy ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan kang suriin, sundin ang kanilang mga tagubilin sa kung paano magpatuloy. Hilingin sa kanila na kumpirmahin na maaari kang suriin nang libre

Hindi mahalaga ang iyong katayuan sa imigrasyon. Kahit sino ay karapatdapat na matingnan at masuri kung kailangan nila ito, hangga't mayroong pagsusuri.

Isinaad ng Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos (USCIS, U.S. Citizenship and Immigration Services) na **hindi** nito isaalang-alang ang pagsusuri, pagpapagamot, o pangangalagang pagpigil kaugnay sa COVID-19 sa pagsusuri sa pampublikong depende, kahit pa ang mga serbisyong pangangalaga ay Medicaid. Hindi rin kasama sa bagong patakaran sa pampublikong depende ang mga serbisyo sa pampublikong kalusugan mula sa iyong lokal na ahensiya sa pampublikong kalusugan. Kung kaya't, ang mga imigrante ay dapat maakses ang pagsusuri at pagpapagamot sa coronavirus nang wala nito nang walang anumang epekto sa kanilang katayuan sa imigrasyon.

Kung wala ka ng mga sintomas at pagkalantad ayon sa inilarawan sa itaas, tingnan ang seksyon sa Mga Mapagkukunan sa Kalusugan sa ibaba para sa mga payo sa kung paano iwasan ang pagkalantad o pagkalat ng sakit.



Mga Mapagkukunan sa Kalusugan

Impormasyon tungkol sa COVID-19

- **[Maraming wika]** pahina ng impormasyon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa California sa COVID-19 – i-click ang pindutang “Pumili ng Wika” sa itaas na kanang bahagi ng pahina upang tingnan ito sa ibang mga wika
- **[Espanyol]** Información general sobre el coronavirus: Nuevo coronavirus 2019 (COVID-19) (Centros para el Control y la Prevención de Enfermedades, CDC)
- **[Espanyol]** Guía sobre COVID-19 (Departamento de Salud Pública de California, CDPH)
- **[Asyanong Amerikano, Katutubong Hawayano & Taga-Isla Pasipiko na mga wika]** AA & NHPI Mapagkukunan para sa COVID-19
- **[Pranses]** papel ng katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[中文]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)

- **[**اردو**]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[**বাংলা**]** papel sa katotohanan COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[Tagalog]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[Tiếng Việt]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[Bahasa Indonesia]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[**فارسی**]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[**हिन्दी**]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[**తెలుగు**]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[**سنڌي**]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[Portuges]** papel sa katotohanan sa COVID-19 (Mga Gabay sa Kalusugan na Hesperian)
- **[Mixteco, Triqui, Zapoteco]** Mensajes de audio sobre COVID-19 en Mixteco, Triqui y Zapoteco (Centro Binacional Para el Desarrollo Indígena Oaxaqueño, CBDIO)

Pag-apply para sa Seguro sa Kalusugan

Depende sa iyong kita at katayuan sa imigrasyon, maaaring kwalipikado ka sa seguro sa kalusugan o ibang mga uri ng mga programa sa pangangalagang pangkalusugan Alamin ang higit pa tungkol sa tsart ng pagiging karapatdapat ng imigrante ng CIPC para sa mga programa sa kalusugan sa CA.

Upang mag-apply para sa Medi-Cal o Covered California, basahin itong hakbang sa hakbang na gabay mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan. I-click ang pindutang “Isalin ang Wika” sa itaas na kaliwang bahagin ng pahina upang tingnan ito sa ibang mga wika.

Makikita mo rin itong kapaki-pakinabang na patnubay sa impormasyon mula sa Alyansa ng Mamimiling Pangkalusugan (Health Consumer Alliance) at mag-scroll sa ibaba tungo sa seksyong pinamagatang **“Paano ko makukuha o mapapanatili ang Medi-Cal sa panahon ng pandemiya?”**.

Bumisita sa https://storefronts.coveredca.com/ upang maghanap ng organisasyong batay sa komunidad na makatutulong sa iyo sa pagpapatala sa Medi-Cal nang libre. Ang tulong ay kakailanganing ibigay sa pamamagitan ng telepono.

Hindi Dokumentado & Walang Seguro

Pag-aralan ang patnubay na ito sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa Sentro ng Paggawa ng UCLA para sa hindi dokumentadong mga indibidwal sa California na naghahanap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Dagdag pa, hanapin ang iyong pinakamalapit na sentro sa kalusugan sa komunidad na tumatanggap ng mga pasyente anupaman ang katayuan sa imigrasyon sa localclinic.net. Tandaan na tumawag muna bago pumunta upang magpatingin sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa mga tanong tungkol sa anumang mga programa sa pangangalagang pangkalusugan sa California, anupaman ang iyong katayuan sa imigrasyon, tumawag sa **Alyansa sa Mamimiling Pangkalusugan** sa 888-804-3536.

Mga Pang-ekonomiyang Mapagkukunan

Ang Patnubay sa Manggagawa : Ang Iyong mga Karapatan sa Panahon ng Coronavirus (COVID-19) mula sa Legal Aid At Work, Bet Tzedek, at Centro Legal de la Raza.
Patnubay sa Ingles
Patnubay sa Espanyol

Kung mawalan ka ng trabaho o binawasan ang iyong mga oras, maaaring kwalipikado kang tumanggap ng $40-$450 kada linggo, depende sa iyong

nakaraang mga sahod, sa pamamagitan ng **Seguro sa Kawalan ng Trabaho**. Kung sasabihin ng medikal na propesyunal na hindi ka maaaring magtabaho dahil sa virus, maaaring kwalipikado ka para sa **Seguro sa Kapansanan**. At kung ang isang miyembro ng pamilya ay may sakit, maaari kang lumiban sa trabaho upang alagaan sila sa pamamagitan ng **Bayad na Pagliban para sa Pamilya** **[lahat ng mga link ay nasa Ingles & Espanyol]**.

- **[Ingles, Espanyol, Mandarin]** Alamin ang higit pa tungkol sa mga karapatan at akses ng mga manggagawa sa mga mapagkukunan sa panahon ng paglaganap ng coronovirus mula sa Legal Aid at Work.
- **[Ingles lamang sa ngayon]** Kung ikaw ay maling nauri sa trabaho (ibig sabihin na ikaw ay dapat empleyado ngunit sinasabi ng iyong employer na ikaw ay isang malayang kontratista), basahin ang mapagkukunang ito ngayon.

Alam namin na marami sa ating mga komunidad ang hindi kwalipikado para sa Seguro sa Kawalan ng Trabaho dahil sa kanilang katayuan sa trabaho o kasaysayan sa trabaho. Umaasa kami na patuloy na makipagtulungan kasama ng aming mga kasyosyo upang magtaguyod para sa mga mapagkukunan partikular para sa mga taong kasalukuyang walang Seguro sa Kawalan ng Trabaho bilang opsyon.

Sa Patuloy na Pagpapatupad ng Imigrasyon, Alamin ang Iyong mga Karapatan

Bagama't sinabi ng mga opisyal ng ICE na babawasan nila ang ilang mga detensyon at pag-aresto, alam namin hindiito sapat. Pag-aralan ang mga handout mula sa Sentro ng Legal na Mapagkukunan ng Imigrante (Immigrant Legal Resource Center) tungkol sa kung ano ang gagawin kung kakatok ang ICE sa iyong pinto **[maraming wika]**. Mangyaring ibahagi ang impormasyong ito at alamin ang iyong mga karapatan!

Mga Listahan ng Mapagkukunan para sa Hindi Dokumentado mula sa aming mga Kasosyo:

- CIYJA: COVID-19 para sa mga Taong Hindi Dokumentado (ayon sa rehiyon)
- CRLAF: COVID-19 para sa mga Komunidad ng Imigrante sa Central Valley (Central Valley)

- Mga Imigranteng Bumabangon: Napapatunayang Suporta para sa mga Komunidad ng Imigrante sa panahon ng COVID-19
- Koalisyon ng Central Coast para sa Tagumpay ng Estudyanteng Hindi Dokumentado: Pahina ng Impormasyon ukol sa COVID-19 ng Central Coast (Central Coast)
- Mga pondo ng ginhawa na magagamit ng mga manggagawang hindi dokumentado sa California (buong estado)

Panlahat na Mapagkukunan ukol sa COVID-19 sa Komunidad at mga Listahan ng Tulong ng Kapwa ayon sa Rehiyon:

- **Bay Area:**
  - Berkeley Mutual Aid Network
  - San Francisco Bay Mutual Aid Form
  - South Bay Mutual Aid Form

- **Central Valley**
  - Fresno Bee: Mga Mapagkukunan para sa Kawalan ng Kita o Pagkain
  - Fresno Bee: Mga lokasyon para sa Libreng mga Pagkain para sa mga Estudyante

- **Inland Empire / Valley**
  - Kumonekta sa IE: Listahan ng Mapagkukunan sa Komunidad

- **Los Angeles**
  - Mga Link sa mga Mapagkukunan ukol sa Tulong sa Kapwa sa COVID-19 (Los Angeles)

- **Sacramento**
  - Tulong sa Kapwa sa COVID-19 sa Sacramento ng 2020

- **San Diego**
  - Lahat ng Mayroon Tayo sa SD (buong county) COVID-19 Tulong sa Kapwa

Kung mayroon kang anumang katugunan o mga mungkahi na idagdag sa patnubay ng mapagkukunan na ito, mangyaring mag-email kay Sarah Dar sa sdar@caimmigrant.org o kay Sasha Feldstein sa sfeldstein@caimmigrant.org.